Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 5, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE, 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

## Pagbebenta ng 'chopsuey vegetables' sa APTC, tinatarget

Noong Setyembre 2, ay nagtungo si *Asst. Secretary* Leandro H. Gazmin ng *Department of Agriculture* at Gob. Edgardo A. Tallado sa *Matacong Resettlement Area* sa bayan ng San Lorenzo Ruiz para sa *highland vegetable production* na ipatutupad dito para mapataas ang produksyon ng mga magsasaka na kanilang ibebenta sa *Agri-Pinoy Trading Center (APTC).*

Dahil sa malamig na klima ng lugar at kaayaayang lupa, magtatanim

(Sundan sa pahina 3)




## Nasa Loob

Nag-uumapaw na mensahe sa pasinaya ng proyektong PAMANA p2
September is National Peace Consciousness Month p2
Ika-4 na baytang ng GAD, aakyatin ng CAMNORTE PLGU p3
Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado sa Philippine Civil Service Anniversary '14 p4
Mga Piling Larawan p5
Paglalagay ng kuryente at repeater ng SMART at Globe communications sa Calaguas Island aasahan ng mga turista p6
Brgy food terminals ng CamNorte makikiisa sa pista ng Peñafrancia p6
Benepisyong tinatanggap ng mga taga-Kapitolyo maaari pang lumawak dahil sa CNA p7
Limang "S" ibabahagi sa mga kawani ng kapitolyo p7
HRMO ng probinsiya pasadong muli sa CSC Audit p7

# OPAPP makikiisa sa Peace Month dito

## tampok dito pasinaya ng tulay at kalsada sa San Lorenzo Ruiz

Nagmistulang *"fiesta"* ang barangay Manlimosito sa bayan ng San Lorenzo Ruiz noong Setyembre 26, 2014 dahil sa pasinaya ng mga PAMANA *projects* doon :

- ang Tugos *Bridge* sa Barangay Manlimonsito na dating kahoy at sira-sira na ay napalitan na ng isang bago, mahaba at malawak na tulay
- ang dating baku-bako na *farm to market road* na nagkukonekta sa limang barangay ng Manlimonsito, Salvacion, San Ramon, San Antonio at San Isidro ay malawak at 90 porsyento ng kongkreto.

Ipinatupad ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang nasabing dalawang PAMANA *projects* na ang pondo ay mula sa Tanggapan ng Pangulo - ang *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)* - P20 milyon para sa Tugos *Bridge* at P32. 5 milyon para sa *farm to market road* at karagdagang P3.25 milyon mula sa Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte.

Kasabay ng pasinaya ng dalawang proyekto ay isinagawa rin sa Tugos *Bridge* sa Manlimonsito ang *Multi-Services Caravan.*

(Sundan sa pahina 6)




# Bagong Detour Bridge sa Sta. Elena pinasisimulan kaagad



**DETOUR BRIDGE HAVOC–** *Naglalagay ng footbridge ang mga taga-barangay Cabuluan sa bayan ng Sta. Elena habang pinag-iisipan ni Gobernador Edgardo A. Tallado ang mga kaakibat na hakbang na dapat isagawa upang sa lalong madaling panahon ay muli itong matawiran.*

Dahil sa pagbagsak ng Cabuluan *Detour Bridge* sa Sta. Elena Camarines Norte noong Setyembre 18, 2014 dahil sa pagragasa ng tubig sa ilog na dala ng bagyong Mario, ang mga magtutungo sa Camarines Norte mula sa *South* Maharlika *highway* ay dadaan muna ng Andaya *Highway* dating Quirino *Highway.*

Matapos ang insidente ay agad nakipag-ugnayan si Gob. Edgardo A. Tallado sa Tanggapan ni Pangulong Noynoy Aquino at kay *DPWH Secretary* Rogelio Singson at humingi ng tulong para sa agarang pagkilos ng *Department of Public Works and Highways (DPWH)* na muling madaanan ang nasabing lugar.

Mahigpit ang tagubilin ni Gob. Edgardo A. Tallado kay *DPWH District Engineer* Elmer R. Redrico na pag-aralan at siguruhing maayos bagama't madalian lamang ang itatayong bagong *detour bridge* sa Cabuluan, Sta. Elena upang huwag itong matulad sa naturang bumagsak na *detour bridge.*

Setyembre 20 ay nagtungo si Gob. Tal-

(Sundan sa pahina 2)

# bagong detour bridge sa ...

(Mula sa pahina 1)

lado, *Engr.* Redrico at iba pa sa nasirang tulay. Nakita ng gobernador ang hirap na dinaranas ng mga taga-roon at mga maliliit na mangangalakal na itinatawid ang kanilang mga produkto sa *bamboo footbridge* na inilagay ng mga *municipal* at *brgy. officials*. Samantalang ang mga *tricycle* ay pinagtutulungang itawid sa mababang bahagi ng ilog. Kung magtatagal ang ganitong sitwasyon ay malulugi sila sa kanilang mga hanapbuhay. Malaking perwisyo ang dulot nito sa maraming mamamayan kaya agaran at personal ang naging aksyon ng gobernador

Kinausap din agad ni Gob. Tallado ang pamilya Ortiz upang hingin ang kanilang pahintulot sapagkat madadaanan ang kanilang lote. Ayon sa kanila ay noon pa mang magsisimula pa lamang ang konstruksyon ng dating *detour bridge* ay payag na ang pamilya na magamit ang kanilang lupa kapalit ang kaunting halaga, ngunit hindi sila nagkasundo ng kontraktor ng proyekto. Kung doon daw itinayo ang *detour bridge* sa kanilang lugar ay hindi marahil ganoon kalaki ang ginastos ng *DPWH*



at maaaring hindi rin daw tuluyang nasira ito. Nangako naman ang gobernador na mako-*compensate* ang pamilya sa pagpapagamit ng kanilang lote at ang lahat ng pananim na maaapektuhan ay babayaran. Pumayag naman ang may-ari at magiliw pang sinabing hindi sila pwedeng tumanggi kay Gob. Egay.

Nadiskubre na mali ang disenyo nito dahil ang ginamit ay maliliit na *concrete pipes* samantalang ito ay nakatayo sa *"catch basin"* ng ilog kaya hindi nito kinaya ang napakalakas na daloy ng tubig dito.

Ayon sa gobernador, inamin ni *DE* Redrico na *sub-standard* ang proyekto o mahina ang pagkakagawa ng kontraktor na diumano ay ang *BEMKAR*. Mababa lamang ang bagong itatayong *detour bridge* o *spillway* para sa madaliang konstruksyon. Kung aayusin ang bumagsak na *detour bridge* ay aabutin ng dalawang buwan.

Samantala, ang ginagawang bagong tulay sa Cabuluan, Sta. Elena na katabi ng bumagsak na *detour bridge* ay natumba na rin ang pundasyon. Mas malaking pondo ang kakailanganin at kailangang pag-aralan itong mabuti ng *structural engineer*, tagubilin ni Gob. Tallado kay *DE* Redrico. Sabi pa ng gobernador ay dapat tumulong ang *BEMKAR* na kontraktor sa DPWH sa pagsasaayos doon at gayundin sa pagayuda sa 20 pamilya na apektado ng bumagsak na tulay. Ngunit ayon kay *DE* Redrico kanyang tinatawagan sa telepono ang may-ari ng *BEMKAR* ngunit hindi ito sumagot.

Sa pangyayaring ito ay tiniyak naman ni Gob. Tallado na ang mga proyektong ang pamahalaang panlalawigan ang nagpapatupad *"by administration or by contract"* man ay mahigpit niyang pinababantayan sa *Provincial Engineer* upang siguruhing maayos ang pagkakagawa**.**

Walang *signal storm* sa Camarines Norte subalit isa ito sa lugar na lubhang apektado dahil sa lawak at lakas ng ulan na dala ni Mario.


Samantala, sa kasalukuyan ang lahat ng *heavy vehicles* at maging mga *light vehicles* ay sa Andaya *Highway* pa rin dumadaan. ***JAC***

# Nag-uumapaw na mensahe sa pasinaya ng proyektong PAMANA

Sa pasinaya ng mga proyektong pinunduhan sa ilalim ng PAMANA noong Setyembre 26 sa bayan ng San Lorenzo Ruiz: ang Tugos Bridge sa Barangay Manlimonsito at ang *farm to market road* na nagkokonekta sa limang barangay ng Manlimonsito, Salvacion, San Ramon, San Antonio at San Isidro ay 90 porsyento nang konkreto, binigyang pagkakataon na magsalita ang mga kaukulang punong barangay.

Ayon kay Punong Barangay Evelyn Francisco ng Brgy. Manlimonsito, sa matagal na panahon ngayon lang nangyari na gumanda na ang aming tulay at ang aming kalsada. Salamat sa PAMANA, salamat sa iyo Gob. sa pamanang ibinigay mo. Mula sa aming mga puso ay dadalhin namin sa aming buhay. Idinagdag pa niya na dahil sa *multi-services caravan* na isinagawa roon kasabay ng pasinaya ay ngayon lamang siya nakapag-pa–*hot oil*.

"Kung tawagin ang lugar na ito ay *south sector* ng San Lorenzo Ruiz at may *insurgency problem* dito kung kaya napakaimportante ng proyektong ito. Sa lahat ng sumuporta, maraming salamat.



**G. Paul Escober, PAMANA Area Manager for Bicol-Quezon-Mindoro**



**PB Evelyn Francisco**



**PB Samson Sario**



**PB** Augorio Adorino



**PB** Pedro Orlina



**PB** Socorro Bulawan

Salamat sa tulong ng ating gobernador, pahayag ni Kapitan Samson Sario ng San Ramon.

Masiglang-masigla naman ang mensahe ni Punong Barangay Augorio Adorino ng San Isidro. *"Non-stop* ang ibinibigay sa atin ni gob na proyekto, tuluy-tuloy ang kalsada, may *lying-in*, dumating na rin ang *equipment* doon, may *Searbico building*. Tunay na serbisyo ito kaya ang panalo ay ang ating lalawigan", pahayag niya.

"Sa tagal ng pagtira ko rito, grabe na ang dinanas naming hirap. Ngayon nakalasa naman kami ng konkretong tinampo. Lubus-lubos ang aming pasasalamat at sana makadiretso na ito sa *boundary* sa aming barangay sa Salvacion, ayon naman kay PB Pedro Orlina.

Si PB Socorro Bulawan ng San Antonio ay nagkwento na ang byahe sa isang araw doon ay isa lang dahil sa pangit na kalsada. Kapag sinundo ka ng alas-8 ng umaga ang balik mo na ay alas-4 ng hapon, mataas pa ang pamasahe. "Ngayon ay mahaba at ayos na ang kalsadang ito. Sana sa aming barangay ay magkaroon din ng tinampo.

*(Sundan sa pahina 4)*

# SEPTEMBER is National Peace Consciousness Month



***PEACE BAG - Ipinagkakaloob ni Gob. Tallado ang paper bag na may lamang school supplies mula sa OPAPP bilang bahagi ng kampanya ng nasabing tanggapan para sa kapayapaan. (Mula sa kaliwa) Board Member Gerry Quiñones, PB Evelyn Francisco, Gob. Tallado, Brgy. Kgd. BM Pol Gache at Christopher Azucena ng OPAPP.***

## Nagkakaisang Bayan Para Sa Kapayapaan

Ito ang tema ng Buwan ng Kamalayang Pangkapayapaan na ipinagdiriwang ngayong Setyembre sa buong bansa sa pangunguna ng *Department of Interior and Local Government (DILG)*.

Sa isang *memorandum circular* ni Kalihim Mar Roxas na ipinaabot hinihiling ang kaukulang pagkilos upang maging makahulugan ang selebrasyong ito. Ipinag-uutos din bilang bahagi ng pagdiriwang ang:

- paglalagay ng mga *streamers* o karatula na may nakasulat na NATIONAL PEACE *CONSCIOUSNESS MONTH* sa lahat ng mga tanggapan ng gobyerno;
- pagbigkas ng *Harmony Prayer at Pledge for* Peace sa tuwing magtataas ng watawat sa buong buwan ng Setyembre.

Alinsunod dito, ang *flag raising ceremony* sa kapitolyo sa tatlong araw ng Lunes ay kapalooban ng nasabing dasal at panunumpa. Inaanyayahan ni Gob. Edgardo A. Tallado na ang pagbigkas ng *Harmony Prayer at Pledge for Peace* sa Setyembre 15 ay pangunahan ng *49th Infantry Battalion* ng *Philippine Army* at sa Setyembre 22 ay pamumunuan ito ng *Philippine National Police*. Ang Pamahalaang Panlalawigan naman ang mamumuno sa Setyembre 29.

Bilang pakikiisa pa rin sa pambansang pagdiriwang, ang *Multi-Services Caravan* ng kapitolyo sa Setyembre 26 sa bayan ng San Lorenzo Ruiz ay itatampok ang pasinaya ng proyektong tulay at kalsada na pinagtulung-tulungang maisakatuparan ng *Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP), DILG* at *Provincial Government of Camarines Norte* upang isulong ang isang **Pa**yapa at **Ma**saganang Pamaya**na**n (PAMANA).

Sa kalatas ni Sec. Roxas ay binigyang-diin nito ang mensahe ng Buwan ng Kapayapaan na pagbuklurin ang mga mamamayang Pilipino at sama-samang kumilos upang gisingin ang kamalayan ng bawat isa at maunawaan ang paghanap sa walang hanggang kapayapaan para sa ating bansa. *RMVito/ JING A. CALIMLIM*

# pagbebenta ng 'chopsuey vegetables'...



**GO,GO APTC** *(mula sa kaliwa) -* ***Engr. Almirante Abad; Gob. Egay Tallado; DA RD Engr. Abelardo Bragas kasama ang ilang hepe at kawani ng kapitolyo at ilang kasapi ng Labo Multi-Purpose Cooperative sa isang pagpaplano para sa epektibong pagpapatakbo ng Agri-Pinoy Trading Center (APTC).***

**(Mula sa pahina 1)**

doon ng mga gulaying pang-*chopsuey* tulad ng repolyo, sayote, *baguio beans*, *carrots*, at *cauliflower*. Napagkasunduan na ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang bahala sa *site preparation* at ang *DA* ang magbibigay ng mga pananim at teknikal na paggabay sa mga magsasaka roon simula sa pagtatanim at pag-aalaga ng mga nasabing gulay hanggang makapag-ani.

Bago sila nagtungo sa San Lorenzo Ruiz, unang binisita ng kalihim ang *APTC*, kasama si *Regional Director* Abelardo Bragas ng *DA Regional Office 5* at DA *Agribusiness and Marketing Assistance Service (DA-AMAS)* na binubuo ng apat (4) na *consultants* mula sa tanggapan ni *DA Sec.* Proceso J. Alcala na sina Ms. Teresa Saniano; Ms. Salvacion Bulatao; Mr. Gene Puente at Mr. Robert Feliciano. Ito ay sa layuning mataya ang antas ng *trading operation* dito at matukoy ang mga interbensyon na pwede nilang ipagkaloob at mga rekomendasyon para mas mapahusay at mas mapasigla ang daloy ng kalakalan sa *APTC*.

Bago lumisan si *ASEC* Bragais ay nakipagpulong siya kasama ang *DA-AMAS team* kay Gob. Edgardo A. Tallado at *APTC Management Team*. Dito ay ibinahagi ng *CN APTC Management Team* sa pamumuno ni *Agricultural Engr.* Almirante Abad ang kanilang karanasan sa 2-buwang operasyon. Ipinabatid niya na ang kadalasang sinasabi ng mga magsasaka ay kulang sila sa puhunan para sa higit pang pagpapalawak ng kanilang produksyon kung kaya ang isasagawang *highland vegetable production* sa Matacong *resettlement* ay isang inisyatibong makatutulong sa mga magsasaka. Positibo naman ang ebalwasyon ng *DA-AMAS Team* sa pagpapatakbo ng *Provincial Government Management Team* sa *APTC*.

Matapos ang talakayan ng magkabilang panig ay napagkasunduan ang pagbalangkas ng *5-year strategic plan* upang maging masigla ang kalakaran sa *APTC* at makinabang nang husto dito ang mga magsasaka at buong probinsiya. Inihatid ni *Asec* Gazmin ang mensahe ni *DA Secretary* Proceso J. Alcala na susubaybayan nila ang *APTC* ng Camarines Norte upang hindi ito matulad sa nangyari sa kahalintulad na pamilihang bayan ng Sariaya, Quezon na sampung taon (10) ang dumaan bago tuluyang naging progresibo. Ayon pa sa kanya, 24 pang *agri-pinoy trading centers (APTCs)* ang itatayo sa iba't-ibang probinsiya. Idinagdag niya na ang APTC dito sa Camarines Norte ang kauna-unahan sa kauna-unahang naitayo sa ilalim ng administrasyon ni Pangulong Benigno Simeon C. Aquino III, kung kaya ito ay kanilang tinututukan at gagawing ehemplo para sa operasyon ng mga susunod na *APTC*.

Bumisita rin ang mga panauhing taga-*DA* at ang *APTC team* sa ilang lugar-pansakahan sa mga barangay ng Mambalite at Magang dito sa bayan ng Daet; Brgy. Singi sa Vinzons, at Brgy. Guinacutan sa Labo upang obserbahan ang kanilang pamamaraan ng pagpitas at pagdeliber ng mga aning pananim at nakipanayam din sa mga magsasaka sa lugar.

Nagpasalamat ng lubusan si Gob. Tallado sa isinasagawang patuloy na pagsubaybay ng DA sa APTC at sinugurong ang mga rekomendasyon nito para sa epektibong pamamahala ng *CN APTC* ay tutupdin ng pamahalang panlalawigan, katulad ng pagpapa-parami ng produktong sakahan at pagbalangkas ng isang mahusay na plano bago ito ilipat sa pamamahala ng isang lehitimong *farmers association* matapos ang limang taon na operasyon nito sa ilalim ng kapitolyo. ***JING A. CALIMLIM/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# HRMO ng

**(Mula sa pahina 7)**

kinakailangang presenting sistema tulad ng:

- *Human Resource Plan* na isa sa nakapaloob dito ay *Training and Development of Employees;*
- *Human Resource System;*
- *Strategic Performance Management System;*
- *Employee Welfare System for redress of grievances;*
- *grant of step increment;*
- *grant of loyalty award under PRAISE* o ***P****rogram* ***R****ewards* ***a****nd* ***I****ncentive* ***S****ystem for* ***E****mployees*.

Ilan sa mga *best practices* ng pamahalaang panlalawigan na kanilang tinukoy ay ang:

- *Compliance* nito sa ARTA o ***Anti-Red Tape Act***.
- *Visibility of organization chart & flow chart of services*
- *Presence of Frontline Services* Desk
- *Strict observance of employees attendance and punctuality, attendance to flag ceremony & flag retreats*,
- *Compliance to yearly update of Personnel Data Sheet and submission of Statement of Assets and Liabilities*, at iba pa.

Pinuri rin ng CSC ang pag-i-ehersisyo ng mga kawani ng kapitolyo tuwing Miyerkules bilang pagtugon sa programang *Employee Health, Wellness and Safety*. ***Jing A. Calimlim***

# Ika-4 na baytang ng GAD, aakyatin ng CAMNORTE PLGU

Sa isinasagawang *Training Workshop for GAD Focal Points* noong Setyembre 9-11, 2014 sa Paseo de Bienvenida Daet, nabatid na ang Pamahalaang Panlalawigan ay nasa ***Stage 2*** o mayroon nang mga inilatag na istratehiya at mekanismo upang ang ***Gender and Development (GAD) Program*** ay ganap na maipaloob sa mga *projects*, *programs and activities (PPAs)* nito.

Kauna-unahan din ang *Provincial Local Government Unit (PLGU) of Camarines* Norte na nakipag-ugnayan sa kanilang kagawaran at naglunsad ng *workshop* na ito sa Rehiyong Bikol ayon sa isa sa mga tagapagsalita na si Ma. Gerlie L. Avila mula sa *Planning Division* ng *Department of Social Welfare and Development Region V (DSWD RO V)* .

Sa isang pamamaraan na tinatawag na *Gender Mainstreaming Evaluation Framework (GMEF)* na pinamahalaan ni Avila, pinasagutan niya sa mga dumalong kawani ang 37 katanungan at sinuri ito batay sa apat na aspeto: ***Policies; People; Enabling Mechanism*** at ***PPAs***. Ang naging resulta ay 24 ang sagot na **"oo"** at 12 ang sagot na **"hindi"** na ang kahulugan nito ay 24 na gawain o panuntunan ang nagagawa at natutupad ng pamahalaang panlalawigan sa aspeto ng paglalatag ng mga polisiya; pagtatalaga ng namamahalang kawani, mayroong mekanismong nagpapakilos at mayroong mga proyekto, programa at mga gawaing pang-*GAD*. Samantala, 17 gawain ang dapat pang tupdin o may mga pagkukulang pa. Ang isang katanungan na: ***"Mayroon bang network database ng GAD partners ang pamahalaang panlalawigan?"*** ay tinugon ng **"oo"** sapagkat mayroong ***network of partners*** ngunit sinagot din ito ng **"hindi"** sapagkat wala pang *database* nito.

Matapos ang *GMEF*, ang nakuhang ***score*** o marka ay ***2.75*** na ibig sabihin ay nasa ***stage 2*** na ang pamahalaang panlalawigan at halos malapit na sa ***stage 3***. Nangangahulugan ito na nagagawa na nito ang mga hinihingi sa ***stage 1*** na *Foundation Formation* at sa ***stage 2*** na *Installation of Strategic Mechanism*. Malapit na sanang maabot ang ***Stage 3*** na *GAD Application* ngunit may kailangan pang tupdin tulad ng *Strategic Plan for GAD funds* atbp.



***GAD PLANNING—Tinatalakay ni Mary Rose Uy ng DWSD Region 5 ang ukol sa Submission, Review and Approval of LGU GAD Plans and Budget***

Nabatid din na ang *PPAs* ng pamahalaang panlalawigan ay *GAD-focused* ngunit kailangan lang itong maipaloob sa *GAD Plan* nang samasama at magkakaugnay. Sa huling araw ng *workshop* na pamamahalaan naman ng *Department of the Interior and Local Government (DILG)* ay isasagawa ang *planning and budgeting* upang maipaloob ang mga *PPAs* sa *GAD Plan* na alinsunod sa batas ay may laang pondong 5% ng kabuuang taunang badyet.

Pinamahalaan ng *PSWDO*, *PPDO* at nang katatalagang *GAD Focal Point* sa bisa ng *executive order* ni Gob. Edgardo A. Tallado, ang nasabing 3 araw na gawain. Ang halos lahat ng departamento ng *PLGU* ay mayroong kinatawan sa nasabing *planning workshop*. ***JING A. CALIMLIM***




# Mensahe ni Gob. Edgardo A. Tallado

Magandang hapon sa inyong lahat.

Alam kong natutuwa kayong mga kawani ng pamahalaang panlalawigan sapagkat sa pagkakataong ito, sa pagdiriwang ng *114th Philippine Civil Service Anniversary* ay muli nating ibinalik ang *Search for Outstanding Employees of the provincial government*.

Para sa akin, karamihan sa inyo ay *Outstanding Employees* dahil nakikita at nararamdaman ko ang inyong dedikasyon at kahusayan sa pagtatrabaho. Hindi natin makakamit nang magkasunod na dalawang taon ang *Seal of Good Housekeeping* mula sa *DILG* kung hindi tayong lahat sa Kapitolyo ay tumutugon sa mataas na pamantayang hinihingi ng DILG para sa isang maayos na gobyerno.

Ang ating lalawigan ay recipient ng maraming proyekto tulad ng *ARCP2*, PAMANA at ngayon ay *PDRP*. Lagi tayong napipiling *pilot province* tulad na lang ng *APTC, UNFPA* at ngayon ay *PAHP*. Kaya po wala ako diyan ngayon sa okasyon dahil ngayon po ay *signing* ng *MOA* para sa programang *Partnership Against Hunger and Poverty (PAHP)* na magkakaloob ng malaking pondo mula sa *World Food Program*. Ang sabi ng ating mga *partner agencies*, masarap daw tayong katrabaho. Kaya nais kong magpasalamat sa inyong lahat dahil sa lagi ko kayong katuwang sa mga pagkilos para mapabuti ang kalagayan ng ating mga kababayan.

Sa mga *nominees for outstanding employees* ng bawat opisina panalo na kayo at may *cash incentive* din kayong tatanggapin. Sa mananalong *most outstanding employee*, ang aming pagsaludo; at sa mga *retirees*, maraming-maraming salamat sa panahong iniambag ninyo sa serbisyo-publiko.

Sa inyong lahat na kawani, patuloy tayong magpakita ng kahusayan at disiplina sa ating mga tungkulin. Tulad ng pagsisikap ko para sa kapakanan ng ating mga mamamayan, ang kapakanan ninyo ay kasama sa aking isinasaalang-alang. Natutuwa rin akong mabatid na nakapaghalal na kayo ng opisyales ng *PGCN EWA*. Malay ninyo sa pamamagitan ng *CNA* ay mapag-usapan pa ang iba pang mga benepisyo para sa inyo.

Basta lagi nating tandaan na tapat na serbisyo ang alay natin dahil tayo ay mga Lingkod Bayan.

*(Mula sa pahina 2)*

Samantala, sa pahayag naman ni G. Paul Escober, PAMANA *Area Manager for* Bicol-Quezon-Mindoro, sinabi niya na hindi totoo ang sinasabi na walang gobyerno. "Kami ay lumalapit na mismo sa mga pamayanan na mayroong kahirapan at kaguluhan. Ang Camarines Norte ay buo ang suporta sa aming programa. Ang programang *weekly service caravan* ni Gob. Tallado ay patunay na nais niyang wakasan ang kaguluhan at kahirapan sa inyong lugar. *Today is a manifestation of convergence*".

Nagpasalamat naman si Gob. Edgardo A. Tallado sa OPAPP-PAMANA, *Department of the Interior and Local Government (DILG)*, at *Department of Agriculture (DA)* sa suporta sa Camarines Norte. Ayon sa kanya, noong 2011 ay hindi sana kabilang ang Camarines Norte sa programang PAMANA. Ngunit dumulog siya kay *Sec.* Abad at nagtiyagang mag-*follow-up*. "Kinakapalan ko ang aking mukha. Ngayon nga ay tuluy-tuloy na ang tinatamasa nating pondo. Hindi ako papayag na maiwanan ang Camarines Norte.

Sabi naman ni Bise Gobernador Jonah G. Pimentel, hindi lamang nagkapal mukha, kundi nagpakumbaba rin si Gob. Tallado. Nagtiyaga siya at naghintay sa mga tanggapang nasyonal upang makausap ang *mga Department secretaries* upang makakuha ng proyekto.

*Jing A. Calimlim*

# nag-uumapaw na mensahe sa pasinaya ng ...



*TRADITIONAL RIBBON CUTTING – Magkatuwang sina G. Paul Escober at Gob. Egay Tallado sa paggupit ng laso na naging hudyat sa pagpasinaya ng proyektong Tugos Bridge sa Manlimonsito, San Lorenzo Ruiz.*



*Masayang ibinalita ni Gob. Tallado na sa 2014 ay P139 milyon ang nakalaang pondo para sa lalawigan sa ilalim ng programang PAMANA.*



*ROAD FOR PEACE- Si Rev. Fr. Ronald Bardon, Parish Priest ng San Lorenzo Ruiz, kasama si Gob. Tallado ay tinahak ang bagong kalsada upang basbasan.*



*"Saksi ako sa dami ng proyekto. Maraming dumaan na gobernador kasama na ang aking ama ngunit ngayon lamang bumuhos ang ganito karaming proyekto", ayon kay Bise Gob. Pimentel sa kanyang mensahe sa pasinaya sa San Lorenzo Ruiz.*



*CONVERGENCE FOR PROGRESS - Inanyayahan ang mga mamamayan ng 5 barangay sa San Lorenzo Ruiz south sector upang saksihan ang pasinaya ng tulay at kalsada na alay sa kanila at upang makinabang sa mga serbisyong dala ng multi-services caravan.*



*SALU-SALO Para sa Kapayapaan– Nagwakas ang pasinaya at pagdiriwang ng PEACE MONTH dito sa isang "boodle fight" na pananghalian na pinangunahan ni Gob. Egay Tallado kasama ang mga matataas na opisyal ng pamahalaang panlalawigan, pamahalaang nasyonal at mga karaniwang mamamayan.*

Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator I*

Rikki M. Vito, *Communications Liaison*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**
**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua
Aries Balbas
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong

*TOURISM PLANS - Among the municipal mayors who submitted their Tourism Plans are (from l-r, & down) Mayor Tito Sarion of Daet, Mayor Ronnie Magana of Talisay, Mayor Edgar Ramores of San Lorenzo Ruiz, Mayor Ricarte Padilla of Jose Panganiban, Not in pictures are Mayor Dominador Davocol of Basud, Mayor Senandro Jalgalado of Capalonga. While Vice Mayors Brenda Salalima of Mercedes and Antonio Villamor of San Vicente and other representatives presented also the tourism plan of*
















*PLEDGE FOR SUSTAINABLE TOURISM- Sa harap ni Gob. Edgardo A. Tallado (Camarines Norte) at Gob. Miguel Villafuerte (Camarines Sur) ay pinanunumpa ni DOT Dir. Nene Ong Ravanilla sa tungkulin ang mga bagong opisyales ng Provincial Tourism Council na sina Jose Dacudao IV - Pangulo; Zenaida Tang - Pangalawang Pangulo; Arlene Vergara - Ingat Yaman, Myrna E. Deligero - PRO, at Arnel Plantado, Kalihim.*

# Mga piling larawan



*MALAMIG NA KLIMA - Si DA Asst. Secretary Leandro H. Gazmin at Gob. Edgardo A. Tallado sa kanilang pagtungo sa mataas at malamig na lugar ng Matacong Resettlement Area sa bayan ng San Lorenzo Ruiz na siyang pagtataniman ng mga gulay na ibebenta naman sa APTC. (nasa likod nila) si Bise Gob. Jonah Pimentel at RD Abelardo Bragas ng DA at iba pa.*




*BPOS coming in - Gov. Tallado and Vice Gov. Pimentel welcome investors who are planning to put up call center here in Camarines Norte.*



*INCENTIVE FOR EXEMPLARY ATHLETES - Sa kanyang mensahe sa pagbubukas ng Palarong Panlalawigan noong Set. 25 ay muling binigkas ni Gob. Tallado ang mga insentibong ipinagkakaloob ng pamahalang panlalawigan para sa mga katangi-tanging atleta.*

## Civil Service Month Celebration



*FLAG RAISING on Sept 1 kicks off the event*




*Dir. Cecilia Balmaceda (center) leads the penlight parade with full participation of CamNorte civil servants*



*Mons. Cesar Echano celebrated the Thanksgiving Mass being sponsored by Government Offices*



*DPWH employees delight the audience with their moves during the opening program for CS month*



*BLOOD DONORS - BM Bong Quibral and DepEd head Dr. Arnulfo Balane registering for the blood letting activity while PHRMO Lina Toledana and Dir. Balmaceda wait for their turn.*

# Paglalagay ng kuryente at repeater ng SMART at Globe communications sa Calaguas Island aasahan ng mga turista

Matapos manalo ang Calaguas Island bilang *Top Philippine Gem* sa *Top 10 Philippine Gems on-line voting search* noong 2013, dumoble ang bilang ng mga lokal at dayuhang turistang dumarayo sa lugar na unang tinagurian bilang *virgin island paradise* at isa sa pinakanatatagong likas-yaman ng Camarines Norte.

Ngunit isa sa hinihiling ng mga turista ay ang magkaroon ng linya ng komunikasyon at kuryente; at mga pangunahing istruktura at pasilidad sa lugar na mag-aangat pang lalo sa turismo at maghahatid ng maraming oportunidad sa trabaho at negosyo sa lugar at sa buong lalawigan.

Dahil dito, kamakailan ay idinulog ni Gob. Edgardo A. Tallado kay *Sec.* Carlos Jericho L. Petilla ng *Department of Energy (DOE)* ang lihampanukala upang mabigyang-prayoridad ang paglalaan ng pondo para sa elektripikasyon ng Calaguas *Group of Islands*.

Positibo ang gobernador na pagbibigyan ang kanyang kahilingan dahil ang Calaguas Island ay nasa tala na ng *Department of Tourism (DOT)* at pinagtutuunan na ng atensyon ng nasabing ahensya. Sa katunayan ay nagpapatuloy roon ang konstruksyon ng *Causeway* ayon pa rin kay Gob. Tallado.

Kamakailan naman ay pinagtibay ng Sangguniang Panlalawigan (SP) ang Resolusyon 256-2014 na humihiling sa *Department of Transportation and Communications (DOTC)* na pondohan nito ang pagtatayo ng isang *lighthouse with view deck* sa Calaguas. Ginawa ito ng Sanggunian sa harap ng ilang aksidente sa dagat na maaari umanong naiwasan kung may *lighthouse* na nagbigay-liwanag at gabay sa mga naglalayag kahit gabi na. Hindi lamang ito para sa kapakanan ng mga dumarayo sa isla kundi lalo na sa mga kababayan natin na pangingisda ang pangunahing hanapbuhay. Ito rin ay magiging *fog signals* para mabigyang-babala ang pasahero ng mga sasakyang-pandagat lalo na sa panahon na may *low visibility* dahil sa masamang panahon, at magsisilbi rin itong *reference* para sa mga *mariners*.

Magugunitang noong Mayo 21 ay sa Calaguas *Island* mismo nagdaos ng sesyon ang SP upang makita at malaman ang mga interbensyong kailangang gawin ng pamahalaang panlalawigan. Doon ay inaprobahan nila ang Resolusyon Blg. 291-2014 na humihiling sa *SMART Communications, Inc.* na maglagay ng isang *repeater* sa Brgy. Mancauayan, Vinzons. Inaasahang mas makaka-engganyo ito nang mas maraming turista dahil kahit malayo sila sa kanilang pamilya at mga kaibigan ay tuluy-tuloy pa rin ang linya ng komunikasyon.

Matatandaan na nakipagpulong din sila sa mga *tour operators, tourist guides, resort owners* at iba pang kinauukulan kung saan nangalap sila ng mga impormasyon, opinyon, ideya at suhestiyon na maaari nilang magamit para sa pagbalangkas ng isang ordinansa para ma-*regulate* ang *tourism activities* sa lugar. ***LORENA DELATORRE-IBASCO/JING ARRIOLA CALIMLIM***

# triple C magsasanib...

*(Mula sa pahina 8)*

and greater connectivity between tourist attractions, better tourism products, strengthen the culture of service through existing laws and regulations, poor people should benefit from the tourism activities, greater private sector participation, convergence with more sectors, protocol for disaster preparedness and security and emergency services, aggressive promotion and marketing, and sustainable tourism.

The governor also cited that some P500 million was allocated to the province for the tourism convergence projects of the different municipalities this year.

Governor Villafuerte on the other hand said that he is very excited with the alliance of the Triple C as there are many potential tourist destinations especially that Camarines Sur is also highlighting extreme sports that will complement Bagasbas Beach in Camarines Norte and the Majestic Puraran Beach in Catanduanes.

He said that Camarines Sur is 100 percent committed in the merger and "we are hoping to be the best not only in the region but also in the country as well".

He also said that the 3rd Triple C consultation conference will be held in Camarines Sur in October this year.

Regional Director Ravanilla said that with the Grassroots Participatory Budgeting (GPB), projects can be incorporated in the tourism development plan.

She also urged LGUs not to issue business permit if there is no accreditation from the DOT as most of the tourists goes on line.

She encouraged the local government unit of San Lorenzo Ruiz to go into the agri tourism particularly the pineapple plantation of the sweet "Formosa Queen". "*Dapat matikman nila ito at malaman kung paano magtanim ng pinya at mag photo shoot sila na nakasalakot at me bayad*", she further said.

A ceremonial submission of the tourism plan of the local government units highlighted the event.

An induction of the Tourism Council of Camarines Norte was conducted after the consultation followed by a tour to the Cory Aquino Boulevard at Bagasbas Beach of Daet and Matacong Island in San Lorenzo Ruiz. ***(AANRBM-PIA5/Camarines Norte/jac).***



***TAGAPAGSULONG NG TURISMO - Ang mga Municipal Tourism Officers ng labindalawang bayan ng Camarines Norte na dumalo sa Triple C Consultation Conference, kasama si Atty. Debbie Francisco (Provincial Tourism Operations Officer), DOT Regional Dir. Maria Ravanilla ng Department of Tourism, Gob. Edgardo A. Tallado at Gob. Miguel R. Villafuerte .***

# Brgy. food terminals ng CamNorte nakiisa sa pista ng Peñafrancia

WALONG (8) *operators* ng *Barangay Food Terminal (BFT)* dito sa probinsya ng Camarines Norte ang kalahok sa 11-araw na *Bishop Francisco Gainza Trade Fair (BFGTF)* na bahagi ng selebrasyon ng *Peñafrancia Festival 2014* sa Naga City na taun-taong dinarayo ng mga *domestic* at *foreign tourists/visitors*.

Ang iba't-ibang *agricultural* at *aqua-marine products* mula sa iba't-ibang probinsya sa Rehiyon na talagang likas at tatak Bikolandia ang nakapaloob sa *trade fair* sa kahabaan ng Elias Angeles St., Naga City simula Setyembre 11-21 na may temang, "Sa Maka-Dios na Sosyedad, may Ekonomiyang Nag-uuswag".

"Ang mga produktong ipinagmamalaki ng Camarines Norte tulad ng *Formosa pineapple*, pili *delicacies*, at iba pang *native products* ang dadalhin natin sa *trade fair*," pahayag ni Gng. Susana Cereno ng *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)* na siyang nangunguna sa grupo ng Camarines Norte. Inaasahan aniya na sa pamamagitan nito ay lalong makikilala ang Camarines Norte bilang isang *tourist destination* at tahanan ng mga produktong gawa sa pili at *Formosa pineapple* na kinikilalang pinakamatamis na pinya sa bansa.

Nasa ikalimang taon na ngayon ang *BFGTF* na patuloy na itinataguyod ng *Department of Agriculture (DA); Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR); Department of Trade and Industry (DTI)* at *ABS-CBN*. Una itong isinagawa noong Setyembre 2010 sa okasyon ng ika-300 taong selebrasyon ng debosyon sa ating Mahal na Ina ng Peñafrancia. Ito ay ***RMV-Communication Liaison/LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# OPAPP nakikiisa...

*(Mula sa pahina 1)*

Maraming dumalong mamamayan na sinaksihan ang pasinaya ng proyektong matagal na nilang inasam at nakinabang pa sila sa iba't-ibang serbisyong dala ng *multi-services caravan* ng pamahalaang panlalawigan. Ninais ni Gob. Edgardo A. Tallado na maging masaya ang okasyon sapagkat ang dalawang bagong proyekto ay hudyat ng pag-unlad ng mga nasabing barangay dahil ang kanilang mga proyektong agrikultura at iba pa ay madali na nilang maiba-byahe.

Dumating si G. Paul Escober, PAMANA *Area Manager for* Bicol-Quezon-Mindoro na humiling na nais ng *OPAPP* na masaksihan ang nababalitaan nilang programang *multi-services caravan* ni Gob. Tallado at makikiisa sila dito sa buwan ng Setyembre bilang bahagi sa pagdiriwang ng *Peace Month* na isinusulong ng kanilang tanggapan. Itinaon din ang pasinaya ng PAMANA *projects* na pinangunahan ni *Rev. Fr.* Ronald Bardon, *Parish Priest* ng San Lorenzo Ruiz ang naturang pagbabasbas. ***JAC***

## bakuna laban sa...

(Mula sa pahina 8)

wasan ang matinding kumplikasyon kung regular na magpapabakuna.

Sa DOH, sa huling ulat noong Setyembre 11 kabilang ang Camarines Norte sa 20 lalawigan na kailangang paigtingin pa ang *measles and polio immunization campaign* upang maabot nito ang target, kaya muling tinatawagan ang masigasig na pakikiisa ng mamayan.

Ayon pa sa *DOH* may sapat itong dami ng *vaccine* para matiyak na ang buong Pilipinas ay magiging isang ***measles-free and polio-free country."***

Ang ***immunization*** at pagbabakuna ay libreng pinagkakaloob ng pamahalaan. ng isang malusog na pamayanan. ***jingcalimlim***

# Benepisyong tinatanggap ng mga taga-Kapitolyo maaari pang lumawak dahil sa CNA

Naging bahagi ng *Awarding and Closing Program* ng 114th *Civil Service Anniversary* noong Setyembre 30 ang Panunumpa sa Tungkulin ng bagong halal na pamunuan ng ***Camarines Norte Provincial Government Employees Welfare Association (CNPG EWA)*** na noong Marso 2014 ay kinilala bilang *legitimate employees organization* sa bisa ng Sangguniang Panlalawigan Resolusyon Blg. 116.

Ang *CNPG EWA* ang magiging kapulungan ng mga kawani upang mapag-usapan at mapag-aralan ang mga bagay na makabubuti sa mga kawani na may kinalaman sa kanilang trabaho at maipaabot ito sa mga hepe ng tanggapan, sa sanggunian gayundin sa punong ehekutibo.



**HURRAY! FOR THE NEWLY ELECTED OFFICERS OF PROVINCIAL GOVERNMENT EMPLOYEES WELFARE ASSOCIATION (PG-EWA)**
**President:** Mariano E. Palma (*Senior Tourism Operations Officer/Provl. Youth Affairs Officer designate),* **Vice President:** Ricardo E. Asis (Agricultural Technician I, PROVET); **Secretary:** Nerissa A. Augusto, Supervising Administrative Officer-Prov'l. Assesors Office); **Treasurer:** Wilma A. Querubin Supervising Administrative Officer, GSO); **PIO:** Romeo Rellermo, Administrative Officer V, PEO); **Auditor:** Edilberto P. Eco (Administrative Officer V, Prov'l. Accounting Office); **Business Managers:** Raphy B Belardo (Planning Officer II, PPDO) at Armin B. Flores (Taxmapper II, Prov'l. Assesors Office); **Sergeant-at-Arms:** Roland P. Surla (Administrative Aide IV, GSO) at Aries P. Querubin wala sa larawan (Administrative Officer V, Prov'l. Accounting Office)

Maliban sa inihalal na pamunuan ng samahan, ang bawat tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ay may kinatawang empleyado na siyang bubuo ng *Board of Directors (BOD)* ng *PG EWA*.

Bagama't taong 2010 pa napagkalooban ng *accreditation* ng *Department of Labor and Employment (DOLE)* at *ng Civil Service Commission (CSC)* ang nasabing samahan, ang mga opisyales nito ay *"on interim capacity"* lamang. Dahil dito, kanilang ipinabatid kay Gobernador Edgardo A. Tallado ang planong makapaghalal na ng lehitimong pamunuan. Suportado naman ito ng gobernador pati ang layunin ng samahan na maisulong ang mahahalagang usapin para sa kapakanan ng mga empleyado tulad ng *Collective Negotiation Agreement (CNA)*.

Sa ilalim ng *CNA* maaaring isulong ang mga kahalintulad na kahilingan para sa mga kawani gaya ng: *annual physical and medical examination at grant of CNA incentive in the form of allowance and benefits* at iba pa. ***JAC***

## PRAISE for...

(Mula sa pahina 8)

sa loob ng 4 *performance rating periods*).

Tiningnan din dito kung sino sa mga nominado ang nagpakita ng pinakamataas na antas ng kahusayan sa pakikitungo sa kanilang kapwa-empleyado; at magalang, magiliw at mabilis na nakapagsilbi sa mga kliyente.

Samantala, ang ***PRAISE*** o ***Program Rewards and Incentive System for Employees*** ay isang mekanismo na itinatakda ng *Civil Service Commission (CSC)* at naipatutupad sa pamahalaang panlalawigan. Ang pamunuan ng *PRAISE Committee* ay kinabibilangan ng pitong kasapi na hepe mula sa ibat'-ibang tanggapan sa pangunguna ng *Prov'l. Human Resource Management Office*. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JING A. CALIMLIM***

# Limang "S" ibabahagi sa mga kawani ng kapitolyo

Para maging epektibo sa pagtratrabaho, kailangan na mayroong sistema na magsisimula sa lugar na iyong ginagalawan sa sariling opisina, ito ang binigyang-diin sa *Training/Seminar on 5S* noong Setyembre 16 sa *Audio-Visual Room, Provincial Capitol*.

Ayon sa tagapagtalakay na si *Dir.* Arpon U. Lucero, *Director II* mula sa *Civil Service Commission Regional Office 5,* ang ***5 S*** ay isang *workplace organization method* na nakasusog sa 5 *Japanese words*: *seiri, seiton, seiso, seiketsu*, at *shitsuke*.

Sa wikang Ingles ito ay nangangahulugang ***sort***, ***straighten***, ***shine***, ***standardize*** at ***sustain***, ayon sa pagkakasunod.

Ang natutunang ito ng 38 kawani mula sa iba't-ibang tanggapan ng pamahalaang panlalawigan ay inaasahang ibabahagi sa kanilang mga kaopisina upang sa kanila-kanilang tanggapan ay epektibong maipatupad ang *5 S*.

Ang nasabing pagsasanay ay bahagi pa rin ng selebrasyon dito ng ika-114 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang, "Tapat na Serbisyo Alay Ko Dahil Lingkod-Bayani Ako". ***LORENA DELA TORRE-IBASC/JAC***



***OUTSTANDING DRIVERS (LEFT):** Elmer V. Policarpio (GSO) and Gerome Malle (Community Affairs Office) **OUTSTANDING UTILITY WORKERS (RIGHT):** Yolanda C. Coreses (GSO), Elmer T. Cabanela (GSO), Arnulfo S. Rubi (PSWDO) at Esmeraldo O. Cabaque (Sangguniang Panlalawigan). **Mr. Rubi was named as the Most Outstanding Utility Worker for 2014.***

# HRMO ng probinsiya pasadong muli sa CSC Audit

Ang *Provincial Government of Camarines Norte (PLGU)* ayon sa pagsusuri ng *Civil Service Commission Region V (CSC R5)* ay mahusay na tumutugon sa mga itinadhanang alituntunin ng Komisyon at mga batas na sumasakop sa serbisyo sibil kung kaya ngayong taon ay muli itong pinagkalooban ng CSC ng *Level II Accreditation.*

Magugunitang noong *1st quarter* ng 2014 ay nagsagawa ng *surprise comprehensive audit* ang *CSC Region 5* upang ma*revalidate* ang *Level II Accreditation* sa *accredited government agency* tulad ng pamahalaang panlalawigan. Ang gawaing ito ay nasa ilalim ng *CSC **P**rogram to **I**nstitutionalize **M**eritocracy and **E**xcellence in **H**uman **R**esource **M**anagement* o sa mas maigsing tawag ay ***PRIME HRM***.

Ang *CSC audit* ay nagsusuri ng mga dokumento at iba pang *functional and operational indicators* na mayroon ang pamahalaang panlalawigan sa pamamagitan ng *Provincial Human Resource Management Office (PHRMO)* sa pamumuno ni Bb. Magdalena Toledana, *PHRM Officer*.

Kumpleto ang mga

(Sundan sa pahina 3)

Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 5, BLG. 5 DAET, CAMARINES NORTE SETYEMBRE 2014
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# TRIPLE C magsasanib pwersa para sa turismo ng Bikol




***ALYANSA PARA SA TURISMO– The Covenant of Tourism Alliance of the Triple C (Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes) "Gems of the Pacific" was formally signed by Governor Edgardo A.Tallado of Camarines Norte and Governor Miguel R. Villafuerte of Camarines Sur during the 2nd consultation conference held last September 2, 2014 in Daet. Catanduanes Governor Araceli B. Wong had already signed the document during the 1st Triple C consultation conference held in her province in June this year.***

In her message during the Triple C 2nd consultation conference here in Daet on September 2, Regional Director Maria Ravanilla of Department of Tourism congratulated Camarines Norte for the increase of 20.55 percent tourist arrivals in 2013 despite that there is no airport facilities. ***"Ibig sabihin sinasadya ng mga turista ang Camarines Norte kahit walang paliparan".***

Regional Director Agnes M. Espinas, NEDA Region V/BRTC Vice-Chairperson said that the consultation aims to solicit recommendations for the Triple C alliance especially in the initial assessment of tourism destination.

The Triple C provinces are Camarines Norte, Camarines Sur and Catanduanes dubbed as "Gem of the Pacific". on the Bicol Tourism Development Areas, the Triple C include Catanduanes-Caramoan Tourism Link (CCTL), Metro Naga LGUs Alliance or NAGA Ex and Camarineses Tourism Circuit (CTC). This will complement the ALMASOR of Albay, Masbate and Sorsogon Tourism Alliance in the Bicol Region.

As the host province of the Triple C Conference, Governor Edgardo A. Tallado presented the ten point program included in the Provincial Tourism Development Agenda of this province such as: Camarines Norte as a gateway to Bicolandia, improve the access

*(Sundan sa pahina 6)*

# PRAISE for employees inaabangan sa pagdiriwang ng Civil Service Month

Pagkalipas ng ilang taon, ibinabalik muli ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ang *Search for Provincial Government Most Outstanding Employee* na tampok na gawain sa selebrasyon dito ngayong Setyembre ng ika-114 taong anibersaryo ng Serbisyo Sibil ng Pilipinas na may temang, 'Tapat na Serbisyo Alay Ko dahil Lingkod-Bayani Ako'.

Sinimulan din ngayong taon ang kauna-unahang *Search for the Most Outstanding Driver and Utility Worker*.

Ang paggawad ng parangal sa mga nanalo at pagbibigay sa kanila ng *Certificate of Award* at *cash incentive* ay isinagawa noong Set. 30 sa *Little Theater, Provincial Capitol,* Daet.

Mula sa 11 nominado ay nahirang si Aileen P. Camacho ng *Provincial Social Welfare Development Office (PSWDO)* bilang *Most Outstanding Employee*.

Ang iba pang nominado ay awtomatikong *awardees* bilang *Outstanding Employee* ng kani-kaniyang tanggapan.

Ang ebalwasyon ng mga nominadong empleyado ay pinamahalaan ng *PRAISE Committee* susog sa mga pamantayang: 1) *attitude toward co-employees* na may bigat na 15%; 2) *attitude toward clients* – 20%; 3) oras ng pagpasok sa trabaho simula Set. 1, 2013-Agosto 31, 2014 – 20%; 4) pagtalima sa mga polisiya ng pamahalaang panlalawigan susog sa *Civil Service Law and Rules* - 20%, at 5) *work performance* – 20% na may kabuuang 100%. Kailangan ding *very satisfactory* ang kanilang *rating*

*(Sundan sa pahina 7)*



**IKINARARANGAL NAMING MAGING LINGKOD BAYANI 2014 -** ***Ang mga Outstanding Employee ng bawat tanggapan ng pamahalaang panlalawigan na nagtagisan para sa Search for Most Outstanding Employee of Provincial Government of Camarines Norte na nakuha ni Aileen P. Camacho, social worker. (Mula sa kaliwa) Dolores V. Loares (PHRMO), Ronnie R. Asis (Prov'l. Veterinarian Office), Ludovico Moya (Prov'l. Library), Romeo S. Cabezudo (Prov'l. Custodial & Security Services Division), Aileen P. Camacho (PSWDO), Emerenciana Gapoy (Prov'l. Assessor Office), Wilson V. Porcincula (Community Affairs Office), Lilian Y. Rafon (Prov'l. Accounting Office), Amalia I. Cañamero (PPDO), Jenelyn E. Español (GSO) at Teodorico B. Duka Jr. (Prov'l. Budget Office)***

# Bakuna laban sa tigdas arangkada na!

Matapos ang *flag raising ceremony* sa *Provincial Capitol* noong Setyembre 1, 2014 ay isinagawa ang pagbabakuna sa ilang bata bilang hudyat ng seremonyal na pagsisimula ng pagbabakuna sa lalawigan ng Camarines Norte.

Ang *Provincial government of Camarines Norte* ay aktibong nakikiisa sa "Libreng Bakuna Kontra Tigdas" na programa ng *Department of Health (DOH)* upang maiiwas sa tigdas ang tinatayang 13 milyong sanggol at yaong mga batang 5 taon ang edad at pababa.



**WALANG ARAY** ***ang bata sa oral polio vaccine na magkatuwang na ipinapatak nina Gob. Edgardo A. Tallado at Dr. Myrna Roxas na ipagkakaloob pa sa mga sanggol at iba pang bata upang sila maligtas sa iba't-ibang karamdaman.***

Ayon kay Dr. Myrna Roxas, *Acting Provincial Health Officer*, handang handa sila at ang mga rural health units para sa gawaing ito at inaasahan nila ang pakikiisa ng mga magulang upang pabakunahan ang kanilang mga anak.

Isang buwang isasagawa ang pagbabakuna kontra tigdas pati na ang pagbibigay ng *oral polio vaccine (OPV)* upang itaas ang kabatiran ng publiko na ang tigdas at iba pang *infectious diseases* ay kayang gamutin at maii-

*(Sundan sa pahina 7)*